NAITAMA

Agosto 9, 2021 Kautusang Tagapagpaganap 2021-18

**KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP 2021-18**
**(KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP PARA SA COVID-19 BLG. 85)**

**SAPAGKAT**, mula noong unang bahagi ng Marso 2020, ang Illinois ay naharap sa isang pandemya na nagdulot ng pambihirang karamdaman at pagkawala ng buhay, na humawa sa higit sa 1,430,000, at kumitil ng buhay ng higit sa 23,475 na mga residente; at,

**SAPAGKAT**, ang Coronavirus Disease 2019 (COVID-19) ay isang bagong malubha at matinding karamdaman sa paghinga na mabilis na kumakalat sa pamamagitan ng transmisyon sa respirasyon; at,

**SAPAGKAT**, habang patuloy na tumutugon ang Illinois sa sakunang dulot ng COVID-19 sa pampublikong kalusugan, ang pasanin sa mga residente, mga tagabigay ng pangangalagang pangkalusugan, mga unang tagatugon, at mga pamahalaan sa buong Estado ay walang uliran; at,

**SAPAGKAT**, ang Delta variant ng coronavirus ay mas agresibo at mas madaling maihawa kaysa sa dating kumakalat na mga strain nito, at nagdudulot ito ng mga bagong panganib sa patuloy na pagsisikap na matigil at mapabagal ang pagkalat ng virus; at,

**SAPAGKAT**, ang Delta variant ay maaaring maging sanhi ng mas malubhang karamdaman kaysa sa mga naunang strain ng virus; at,

**SAPAGKAT**, tinantya ng Centers for Disease Control and Prevention (CDC) na ang Delta variant ngayon ay bumubuo ng higit sa 90 porsyento ng lahat ng mga sequenced coronavirus sa U.S.; at,

**SAPAGKAT**, ang pagprotekta sa kalusugan at kaligtasan ng mga taga-Illinois ay kabilang sa pinakamahalagang tungkulin ng pamahalaan ng Estado; at,

**SAPAGKAT**, mahalagang gawin ng Estado ang bawat posibleng hakbang upang matiyak na ang mga bata ay maaaring pumasok nang personal sa paaralan; at,

**SAPAGKAT**, ang pisikal na pagdidistansya, mga pantakip sa mukha, at iba pang pag-iingat sa pampublikong kalusugan ay napatunayang mahalaga sa pagbagal at pagtigil ng pagkalat ng COVID-19; at,

**SAPAGKAT**, ang mga bakuna para sa COVID-19 ay epektibo upang maiwasan ang sakit na COVID-19, lalo na ang matinding karamdaman at pagkamatay, ngunit may bahagi ng

populasyon ang nananatiling hindi nabakunahan at ang ilang mga residente, kabilang ang mga bata, ay hindi pa makakatanggap ng bakuna; at

**SAPAGKAT**, ang CDC ay nagbigay ng patnubay para sa Pag-iwas ng COVID-19 sa K-12 na mga Paaralan; at,

**SAPAGKAT**, kamakailan lamang ay in-update ng CDC ang kanilang patnubay sa COVID-19 para sa mga paaralan, at ngayon ay ipinapahiwatig na ang bawat isa sa mga K-12 na paaralan ay dapat na magsuot ng mask sa loob, kabilang ang mga guro, mga tauhan, mga mag-aaral, at mga bisita, anuman ang katayuan sa pagbabakuna; at,

**SAPAGKAT**, inirekomenda din ng American Academy of Pediatrics ang pangkalahatang pagsusuot ng mask sa mga paaralan ng bawat taong higit sa edad na dalawa, anuman ang katayuan sa pagbabakuna, dahil ang isang makabuluhang bahagi ng populasyon ng mga mag-aaral ay hindi pa karapat-dapat para sa mga bakuna, at ang pagsusuot ng mask ay napatunayang nakakabawas ng transmisyon ng virus at upang maprotektahan ang mga hindi nabakunahan; at,

**SAPAGKAT**, ang Illinois State Board of Education (ISBE) at ang Illinois Department of Public Health (IDPH) ay nagbibigay ng updated na pinagsanib na patnubay sa COVID-19 at mga rekomendasyon na dinisenyo upang payagan ang mga paaralan sa Illinois na nagsisilbi sa mga mag-aaral ng pre-kindergarten hanggang sa ika-12 na baitang na magsagawa ng personal na pagtuturo at pag-aaral, habang sabay na pinapanatiling ligtas ang mga mag-aaral, guro, mga tauhan, at mga bisita; at,

**SAPAGKAT**, ang CDC ay patuloy na nagpapayo na gumamit ang mga day care providers ng mga pamamaraan sa pag-iwas ng COVID-19, kabilang ang pagsusuot ng mask at pisikal na pagdidistansya, kahit na nabakunahan ang mga day care providers at ang kanilang mga tauhan; at,

**SAPAGKAT**, ang Illinois Department of Children & Family Services (DCFS) at IDPH ay nagbibigay ng updated na pinagsanib na patnubay sa COVID-19 at mga rekomendasyon para sa mga pasilidad ng day care, kasama ang lahat ng mga lisensyadong day care centers, day care homes, mga pangkatang day care homes, at mga pasilidad na hindi saklaw ng lisensya; at,

**SAPAGKAT**, ang CDC ay patuloy na nagpapayo na gumamit ang mga pasilidad na komunal ng mga pamamaraan sa pag-iwas ng COVID-19, kabilang ang pagsusuot ng mask at pisikal na pagdidistansya, anuman ang katayuan sa pagbabakuna; at,

**SAPAGKAT**, ang IDPH ay nagbibigay at ina-update ang patnubay sa COVID-19 para sa mga nursing home at iba pang mga pasilidad para sa pangmatagalang pangangalaga, na kinabibilangan ng mga pamamaraan sa mitigasyon tulad ng pagsusuot ng mask at pisikal na pagdidistansya, kahit sa mga nabakunahang residente, mga tauhan, at mga bisita; at,

**SAPAGKAT**, noong ika-23 ng Hulyo 2021, bilang pagsasaalang-alang sa patuloy na pagkalat ng COVID-19 at ang patuloy na mga epekto nito sa kalusugan at ekonomiya na madarama sa darating na buwan ng mga tao sa buong Estado, aking idineklara ang lahat ng mga lalawigan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng sakuna;

**SAMAKATUWID**, sa pamamagitan ng mga kapangyarihang ipinagkaloob sa akin bilang Gobernador ng Estado ng Illinois, alinsunod sa Konstitusyon ng Illinois at sa Illinois Emergency Management Agency Act, 20 ILCS 3305, Mga Seksyon 7(1), 7(2), 7(3), 7(8), 7(12), at Seksyon 19 nito, at naaayon sa mga kapangyarihan sa mga batas ng pampublikong kalusugan, iniuutos ko ang mga sumusunod:

**Seksyon 1: Mga Hakbang sa Mitigasyon sa Paaralan.** Ang lahat ng mga pampubliko at hindi pampublikong paaralan sa Illinois na nagsisilbi sa mga mag-aaral ng pre-kindergarten hanggang sa ika-12 na baitang ay dapat sundin ang pinagsanib na patnubay na ibinigay ng ISBE at IDPH at gumawa ng mga maagap na hakbang upang matiyak ang kaligtasan ng mga mag-aaral, mga tauhan, at mga bisita, kasama, ngunit hindi limitado sa:

a. Pag-rerequire ng panloob na paggamit ng mga pantakip sa mukha ng mga mag-aaral, mga tauhan, at mga bisita na edad 2 pataas at kayang tiisin ang pantakip sa mukha, anuman ang katayuan sa pagbabakuna, na naaayon sa patnubay ng CDC; at,

b. Pagpapatupad ng iba pang mga pamamaraan sa pag-iwas (gaya ng pisikal na pagdidistansya, pagsusuri sa pagsasala, bentilasyon, paghuhugas ng kamay at tuntunin sa respiratory, pagpapayo sa mga indibidwal na manatili sa bahay kapag may sakit at magpasuri, contact tracing kasama ng naaangkop na pag-quarantine at pagbubukod, at paglilinis at pagdidisimpekta) hangga't maaari at pagsasaalang-alang ng mga kadahilanan tulad ng transmisyon sa komunidad, saklaw ng pagbabakuna, pagsusuri sa pagsasala, at paglitaw ng mga outbreak, na naaayon sa patnubay ng CDC.

**Seksyon 2: Mga Hakbang sa Mitigasyon sa Day Care.** Ang lahat ng mga pasilidad ng day care sa Illinois ay dapat sundin ang pinagsanib na patnubay na ibinigay ng DCFS at IDPH at gumawa ng mga maagap na hakbang upang matiyak ang kaligtasan ng mga bata, mga tauhan, at mga bisita, kasama, ngunit hindi limitado sa:

a. Pag-rerequire ng panloob na paggamit ng mga pantakip sa mukha ng mga mag-aaral, mga tauhan, at mga bisita na edad 2 pataas at kayang tiisin ang pantakip sa mukha, anuman ang katayuan sa pagbabakuna, na naaayon sa patnubay ng CDC; at,

b. Pagpapatupad ng iba pang mga pamamaraan sa pag-iwas (gaya ng pisikal na pagdidistansya, pagsusuri sa pagsasala, bentilasyon, paghuhugas ng kamay at tuntunin sa respiratory, pagpapayo sa mga indibidwal na manatili sa bahay kapag may sakit at magpasuri, contact tracing kasama ng naaangkop na pag-quarantine at pagbubukod, at paglilinis at pagdidisimpekta) hangga't maaari at pagsasaalang-alang ng mga kadahilanan tulad ng transmisyon sa komunidad, saklaw ng pagbabakuna, pagsusuri sa pagsasala, at paglitaw ng mga outbreak, na naaayon sa patnubay ng CDC.

**Seksyon 3: Mga Hakbang sa Mitigasyon sa Pangmatagalang Pangangalaga.** Ang lahat ng mga nursing home at pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga sa Illinois ay dapat na patuloy na sundin ang patnubay na ibinigay ng CDC at IDPH na nag-rerequire ng paggamit ng mga pantakip sa mukha sa mga komunal na pasilidad para sa mga higit sa edad na dalawa at kayang tiisin ang pantakip sa mukha, anuman ang ng katayuan sa pagbabakuna.

**Seksyon 4: Sugnay ng Pagtatapos.** Kapag anumang probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito o aplikasyon nito sa sinumang tao o pangyayari ay walang bisa ayon sa anumang korte ng karampatang hurisdiksyon, ang kawalang-bisa na ito ay hindi nakakaapekto sa anumang probisyon o aplikasyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito, na maaaring bigyang bisa nang wala ang imbalidong probisyon o aplikasyon. Upang makamit ang layuning ito, ang mga probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito ay idineklarang maaaring matapos.

______________________
**JB Pritzker, Gobernador**

Inisyu ng Gobernador Agosto 9, 2021
Inihain ng Kalihim ng Estado Agosto 9, 2021